〒000-0000
00-00-00 □□□, Kawasaki-shi,
Kanagawa Prefecture
00F □□□□□□□□□
Kay: □□ □□

Ipadala ●●/●/●

# Kahilingan para sa palatanungan para sa mga naghain ng notipikasyon ng pagbubuntis

Ang palatanungan na ito ay ipinadadala sa mga babae na nasa 6 hanggang 7 buwang buntis batay sa impormasyon mula sa kanilang notipikasyon ng pagbubuntis.
<Kung hindi na kayo buntis> May abiso kaugnay ng inyong benepisyong suporta sa pagbubuntis, kaya pakibasa sana ito.

Nagbibigay ang Lungsod ng Kawasaki ng tuloy-tuloy na masusing konsultasyong suporta para sa mga sambahayan mula sa pagbubuntis hanggang sa panganganak at panahon ng pagpapalaki ng anak. Kasama rito ang mga konsultasyon sa panahon ng notipikasyon ng pagbubuntis, mga konsultasyon sa mga pagbisita sa lahat ng sambahayang may sanggol kasunod ng pagsilang, at mga konsultasyon na hanggang sa 8 buwan ng pagbubuntis upang ang mga residente ay makapagsilang at mapalaki ang kanilang mga anak nang payapa ang isip.

Itinatanong ng palatanungang ito ang tungkol sa inyong kasalukuyang sitwasyon at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo na nauugnay sa pagbubuntis, panganganak, at pagpapalaki ng anak at nagbibigay ng impormasyon sa mga konsultasyon para sa mga gustong gumamit sa ganoong mga serbisyo. Tiyakin sana na sagutin ang palatanungan.

Gayundin, batay sa mga sagot, makikipag-ugnayan kami sa mga nangangailangan ng payo o sa mga maipapasyang nangangailangan ng pagsubaybay. Kinakapanayam sila ng mga tauhan mula sa bawat tanggapan ng ward, tanggapan ng sangay, o nakakontratang tagapagbigay ng serbisyo (Samahan ng Nursing sa Kawasaki). Bibigyan kayo ng mga karagdagang detalye tungkol sa panayam sa pamamagitan ng telepono.

■ Paraan ng pagsagot
Mangyaring sumagot gamit ang itinalagang form.
(I-access gamit ang QR code sa kanan.)
* Maaaring ipadala ang mga sagot sa pamamagitan ng koreo kung mahirap gamitin ang online na sistema, kaya mangyaring makipag-ugnayan sa call center na nakasaad sa likod.

SAMPIE
Form ng Sagot sa Palatanungan

■ Huling takdang araw ng pagsagot
<u>Sa loob ng 1 buwan ng petsa ng pagpapadala sa itaas na kanan</u>
* Muling ipadadala ang palatanungan kung walang matanggap na tugon.

■ Tungkol sa aplikasyon para sa benepisyong suporta sa pagbubuntis
Ang benepisyong suporta sa pagbubuntis ay maaaring bayaran sa mga nakarehistrong residente ng Lungsod ng Kawasaki na naghain ng notipikasyon ng pagbubuntis.

Bilang unang pagbabayad ng benepisyong suporta sa pagbubuntis, makakatanggap kayo ng pagbabayad ng "50,000 yen kada pagbubuntis". <u>Kung hindi pa kayo nakapag-aplay, mangyaring mag-aplay sa lalong madaling panahon</u> mula sa gabay sa aplikasyon na ibinigay sa inyo sa panahon ng inyong notipikasyon ng pagbubuntis (*1).

Bilang pangalawang pagbabayad ng benepisyong suporta sa pagbubuntis, makakatanggap kayo ng pagbabayad ng "50,000 yen kada hindi pa isinisilang na sanggol". Mangyaring mag-aplay gamit ang gabay sa aplikasyon na ibinigay sa inyo kasunod ng pagbisita sa lahat ng sambahayan ng mga sanggol kasunod ng pagsilang (*2).

* 1 Maaari kayong mag-aplay sa loob ng 2-taon mula sa petsa na kinumpirma ninyo na kayo ay buntis. Sa hinaharap, hindi kami magpapadala ng mga abiso sa rekomendasyon sa aplikasyon sa bawat indibidwal. Kaya inirerekomenda namin na mag-aplay kayo sa lalong madaling panahon. Kung wala kayong gabay sa aplikasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa call center sa likod. Kung nakapag-aplay na kayo, pakitandaan na maaaring tumagal nang hanggang 3 buwan para maideposito ang pera. Tandaan na hindi kayo kwalipikadong tumanggap ng benepisyo kung nakapagsumite na kayo ng aplikasyon at natanggap ang benepisyo sa ibang munisipalidad.
* 2 Puwede kayong mag-aplay sa loob ng 2-taon mula sa petsa na 8 linggo bago ang petsa ng inyong panganganak. Kahit na hindi na kayo buntis dahil sa mga bagay na katulad ng pagkakakunan o panganganak ng patay na sanggol, kwalipikado pa rin kayong makatanggap ng handog.

## ■ Kung hindi na kayo buntis

Kwalipikado pa rin kayong makatanggap ng benepisyong suporta sa pagbubuntis kahit na hindi na kayo buntis. Ipadadala ang gabay sa aplikasyon sa address na ilalagay ninyo kapag sinagot ang palatanungang ito. Kaya hinihingi namin na sagutin ninyo ang palatanungan. (Walang mga tanong tungkol sa inyong kasalukuyang katayuan sa pagbubuntis o panganganak.)

Gumawa rin ang Lungsod ng Kawasaki ng website na may mga detalye ng mga sumusuportang grupo at iba pang impormasyon na may layuning pagaanin ang sakit o paghihirap na maaaring nararanasan ninyo. Mangyaring bisitahin ang website kapag kailangan.

Website ng Lungsod ng Kawasaki
"Kung kayo ay nanganak ng patay na sanggol o nakunan"

## ■ Mga pagtatanong

Call Center ng Lungsod ng Kawasaki para sa Mga Benepisyong Suporta sa Pagbubuntis
(Bukas mula 8:30 hanggang 17:15 Lunes hanggang Biyernes)　0120-123-004

## ■ Mga konsultasyon na nauugnay sa mga usaping gaya ng pagpapalaki ng anak o paglaki at pag-unlad

(Lahat ng usapin ukol sa pagpapalaki ng anak) Mula 8:30 hanggang 17:00 Lunes hanggang Biyernes

Sentro ng Suporta sa Komunidad ng Mimamori, Sangay ng Suporta sa Komunidad

- ○ Tanggapan sa Kawasaki Ward: 044-201-3214
- ○ Tanggapan sa Saiwai Ward: 044-556-6648
- ○ Tanggapan sa Nakahara Ward: 044-744-3308
- ○ Tanggapan sa Takatsu Ward: 044-861-3315
- ○ Tanggapan sa Miyamae Ward: 044-856-3302
- ○ Tanggapan sa Tama Ward: 044-935-3264
- ○ Tanggapan sa Asao Ward: 044-965-5234

(Pagbubuntis at panganganak) Mula 10:00 hanggang 16:00 Lunes hanggang Biyernes

- ○ Samahan ng mga Komadrona sa Kawasaki (Kawasaki Midwives Association): 044-819-4635

(Impormasyon sa pagpapalaki ng anak)

- ○ App ng Kawasaki para sa Pagpapalaki ng Anak
  - ・ Ang App ng Kawasaki para sa Pagpapalaki ng Anak ay nagbibigay ng makatutulong na impormasyon, mga kaganapan sa lungsod, pagpapasuri ng kalusugan, pagbabakuna, at iba pang mga detalye sa napapanahong paraan sa panahon ng inyong pagbubuntis at pagpapalaki ng anak, at nagpapahintulot din sa inyo na itala ang pag-unlad ng inyong anak at pamilya. Mangyaring pag-isipang i-install ang app.

iOS　　Android

**Seksyon ng Kalusugan ng Ina at ng Anak, Tanggapan ng Suporta sa Bata at Pamilya at mga Hakbang na Panlaban sa Pang-aabuso, Tanggapan ng Kinabukasan ng Bata, Lungsod ng Kawasaki**

Numero ng telepono: 044-200-1312